




SARS-CoV-2

*Si Prop. Virgilio Almario, PhD, o Rio Alma ay isang Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan at Propesor Emeritus sa Literatura. Siya ay dating Dekano ng Kolehiyo ng Arte at Literatura sa UP Diliman.*



*Manila Bulletin*

## Ang Pesteng Pag-ibig

**C**orona, korona ng pusòng tumibok  
Ang gintong umaga, ulan ng talulot;  
Ang araw at gabing hindi matatápos,  
Payo man ni Ovid na lahat ay ad ho**C**.

**O**, pagsintang labis! Ay, bulág na pusò!  
Susugod sa kahit unos ng palaso!  
Hulí na't gulapay kapag napagtantong  
Ang napanaginip ay taksil na lar**O**.

**V**inagre't di vino ang tagay na pait  
Sa pinaglaruan at hihibik-hibik;  
At kahit sumagot ang tinataglamig,  
Mula lang sa Quiapo, parang sa Tel-Avi**V**.

**I**lang pusò na ba ang hinatinggabi,  
Naháwa't nasawí sa ganitong peste?  
At ilang pusò pa? Mahirap masabi,  
Ulit-ulitin man sa letrang malak**I**!

**D**apat pag lumápit ang pesteng pag-ibig,  
Ipiit ang pusò, dibdib ay ipini**D**.

**RIO ALMA**  
**26 Abril 2020**